



Prologue



“Teka...”

Naputol ang sasabihin ko nang agad niya akong sinunggaban at binigyan ng mapusok na halik sa mga labi.

Ang pinaghandaan kong speech laban sa kanya ay naglaho sa utak ko. All that mattered to me was the make out session we were having right inside my friend’s bathroom.

Yes, nasa bahay kami ng kaibigan kong si Sari. Doon naming magkakaibigan napag-usapang ganapin ang Homecoming Party ng aming kababatang si Charisse na nag-migrate sa US pagkatapos ng elementary graduation.

Charisse finished her high school studies there. Doon na rin niya tinapos ang kanyang bachelor’s degree. Naroon na rin ang kanyang buong pamilya at siya na lang talaga itong nagpupumilit na mag-stay muna rito sa ‘Pinas for a while.

Hardheaded? Yes.

Naramdaman ko na lang na may humahawi sa strap ng aking bra. “Tripp!” sigaw ko.

His harsh lips met mine in a heartbeat. “Shh, ang ingay mo. Alam ko kung gaano ka kasabik sa akin.”

Marahan ko siyang itinulak to maintain my so-called personal space, pero maagap niyang hinapit ang baywang ko at idiniin ako sa kanya.

“You are mine!” he hissed angrily.

Umakyat ang dugo sa ulo ko. “Well, not anymore!” I

shot back. Mabilis kong naramdaman ang pangigilid ng luha sa aking mga mata pero pinigilan ko ito. “Not after you cheated on me,” mapait kong dugtong.

“Mims—”

I cut him off. “Don’t.” Umiling ako. “Itigil mo na ito, Tripp.”

“But—”

Muling naputol ang kanyang sasabihin nang biglang bumukas ang pinto ng bathroom. Mahinang napamura siya at agad akong tinakpan.

“Can’t you knock?” pagalit niyang singhal. Sinamantala ko naman iyon para ayusin ang sarili. Siniguro kong nasa tamang lugar na ang strap ng aking bra.

Maaabutan na nga lang, bakit sa ganitong eksena pa?

“Not when Jee’s throwing up,” mataray na sagot ni Carmi. “At ano ba’ng ginagawa n’yo rito? Nagtutukaan? Aba, ayos din! Alam ba ito ng tatay mo, Mims?”

Uminit ang mga pisngi ko. Itinulak ko sa gilid si Tripp at mabilis na dinaluhan si Jee.

“Hey, are you—”

“Obviously, I’m not okay,” medyo paos na sagot ni Jee. “Lalo akong nasusuka kapag naiisip ko kung ano’ng nadatnan—”

“Jee!” I yelled horribly bago pa niya masabi ang hindi dapat masabi. “You’re really drunk.” Umiling ako at mabilis na tinulungan siya sa paglapit sa toilet bowl.

“Mims...”

Tumindig ang mga balahibo ko. Ganoon lagi ang epekto sa tuwing sinasambit ni Tripp ang pangalan ko.

“Huwag nga kayo rito mag-akitan!” saway ni Carmi. “Pasukahin n’yo naman nang maayos si Jee.” Iginiya niya ako palabas ng bathroom. Agad namang sumunod ang

kulugo.

“Mims...”

Hindi ko siya pinansin. Put*ng ina nitong kulugo na ito. Halos marinig ko na ang pagmamakaawa sa boses niya. But, no. Hindi na ako muling bibigay sa ganyan. Hindi na ako muling magpapauto. Hindi na ulit ako magpapakamartir nang paulit-ulit para sa isang lalaki. Sa lalaking pinag-alayan ko na ng lahat pero nakuha pa rin akong saktan at pagtaksilan.

“Baby...”

Marahas ko siyang nilingon. “Put*ng ina mo,” malamig kong sabi bago pumatak ang luhang kanina ko pa pinipigilan. “I just want you dead right now.”

Dead to me and my fragile heart.



Maramdaman ko ang unti-unting paninikip ng dibdib ko. I hate that I've been reckless. Hindi dapat ako lumuha sa harap niya. Hindi dapat ako magpakita ng kahinaan sa harap niya. It was so against my break-up rules. Lalo lang niyang iisiping nasasaktan pa rin ako hanggang ngayon at hindi makaahon mula sa kanyang ginawa.

Napapikit ako nang mariin. *Stupid move, Mims!*

“Huli ka balbon!”

Napatili ako sa gulat. Tinapunan ko ng masamang tingin si Charisse na ngingisi-ngisi sa harap ko.

“Anong balbon? What the hell, Cha! Hindi porket balikbayan ka ay magiging mabuti na ang pakitungo ko sa 'yo.” Umirap ako.

“Whoa, whoa! Chill, Mims!” she grinned widely. “What happened?”

Umawang ang bibig ko at agad na kinabahan. Wala pa namang ibang may alam tungkol sa hiwalayan namin ni Tripp bukod sa aming dalawa. Siya, dahil hindi niya matanggap na wala na kami. Ako, dahil natatakot pa akong magkwento. I couldn't just open up to my friends without trying to fix myself first.

“Nothing, really. You just caught me off-guard.” Ngumisi ako.

Pinalakihan ako ng mata ni Charisse pero hindi na siya nagsalita.

“So?” I mumbled awkwardly.

“I guess I shall go, then.” Nagkibit-balikat siya. “Will entertain the other guests, maybe?” Tinapik niya ang balikat ko. “Magkukwento at magkukwento ka rin sa amin, Mims. Alam mo iyan.” Kumindat ang kaibigan ko bago umalis.

Sinundan ko siya ng tingin habang papunta siyang labas. We’ve organized a pool party for her homecoming.

I would never be emotionally ready to spill stuff that should remain private—well, for the mean time.

Tumindig ang mga balahibo ko nang may maramdaman akong hininga sa aking bandang tainga.

I heaved a huge sigh. “Stop it, Tripp.”

“You know I can’t,” he rasped out. “I won’t.” Tripp’s voice was thick with emotion.

May kung anong kumirod sa puso ko pero isinantabi ko iyon.

“Then, why?” Pumiyok ako.

*No, Mims. You’re not going to cry again. You’re not going to cry over someone who barely gives a f*ck about your feelings. You’re not going to mourn. Siya ang naglagay sa ’yo sa pedestal. Siya rin ang naglagay sa ’yo sa putikan.*

Hindi ako naniniwalang ‘you always hurt the one you love.’ Minahal ko si Tripp at wala ako matandaang ginawang bagay na ikasasama ng kanyang loob. Kung mayroon man, hindi ko layuning saktan siya. I knew I shouldn’t upbraid, but why was it so unfair?

“I love you—”

“That’s bullsh*t!” Umiling ako. “Mahal mo ako? Talaga? Ha?” I said, my tone dripping with utmost sarcasm.

Umigting ang kanyang panga at napapikit siya na parang nagtitimpi.

“Ano? Iyon na ba iyon?” Nanliit ang mga mata ko. “Ito na ba ’yung part na sisigawan mo ako? Na mapupunta sa

akin ang lahat ng sisi?” Pumikit-pikit ako para pigilan ang namumuong luha sa aking mga mata.

Dumilat ang kaharap ko at tumitig sa akin. His features suddenly softened.

“Come on, baby. We can work things out,” Tripp demanded softly.

Umiling ako. “Sa tingin ko, hindi na,” buo ang loob na sinabi ko kahit alam ko sa sarili ko na kahit isang segundo, hindi naglaho ang pagmamahal ko sa kanya.

Namutla si Tripp at umiling na parang hindi makapaniwala sa narinig.

“You don’t mean it,” he replied tersely.

“I mean it,” mas matatag kong sabi. “I want you out of my life.”

His gaze met mine. Pain and panic crossed his brown eyes.

“No.” Tumikhim siya. “You’re just upset—”

Napasinghap ako. “God! Hindi ka naman bobo. Kaya nga ayaw ko na dahil pagod na ako para sa ating dalawa! You can’t be that stupid. Nasasaktan ako nang dahil sa ’yo, Tripp. Ano ba’ng hindi mo maintindihan doon?” I breathed heavily. *Why are you so stubborn, France?*

“Paano naman ako?” he questioned, sounding almost broken. “Mahal kita kaya hindi kita kayang iwan! Mahal mo naman ako, di ba? Bakit mo ako iiwan?”

“I don’t care about your stupid love!” I yelled, pointing a finger at his chest. “I’ve had enough, I’ve seen enough, I want out, I want it to end, I don’t care anymore!”

He wrapped his arms around my waist and pinned me to the wall using his hips. “You do care,” he stated dangerously.

“Tripp, let me go!” pabulong kong saad dahil hindi ko

na kayang labanan ang nararamdaman ko. Gustung-gusto ko nang matunaw sa mga bisig niya. Sanay na sanay ang katawan ko sa comfort na tanging haplos lang ni Tripp ang makapagbibigay.

He tilted his head to the side, his penetrating gaze completely and intensely burning through my face, before he moved and breathed against my neck.

Suminghap ako. "Tripp!"

Marahan niyang hinalikan ang leeg ko dahil na para manginig ako. Humigpit ang pagkakayakap niya sa akin. I instinctively leaned into him.

"See?" Humalakhak siya bago dinilaan ang isang parte sa leeg ko. "You love me." His kisses went to my jaw. "You need me." He licked my earlobe.

I moaned softly.

His breathing became ragged. "You want me."

Our lips collided the moment he finished chanting those words. Mapupusok ang mga halik na iginawad niya at wala akong nagawa kundi tumugon. I would always love this man, there's no doubt about it. Pero sapat na ba iyon? Paano naman ako? Bakit parang hindi ko na maramdaman iyon mula sa kanya? Yes, lagi niyang sinasabi sa akin pero hindi niya na magawang iparamdam nang buong-buo!

He groaned when I pulled his nape closer to deepen the kiss. Buong puso niya naman akong hinalikan pabalik, malalim at mapusok. Isa ito sa mga minahal ko sa kanya. He always made me feel hot. Dumako ang isang kamay niya sa dibdib ko at pinisil iyon. I automatically arched my body to welcome his touch. His kisses went to my jaw, down to my collar bone, and back to my swollen lips.

I pulled away, almost out of breath, and gazed up into his eyes. They were dark with passion and fire, fit within by

a golden glow that sent my pulses racing.

“What?” he asked huskily.

I chuckled hoarsely. “Bitin?”

“Sobra.” He placed a kiss on my forehead. “I can’t get enough of you.” He smiled and reached for my hand.

Naglakad kami papunta sa pool. Maraming napalingon sa gawi namin. Uminit ang mga pisngi ko nang maalala ang matinding makeout session namin sa loob kanina. Nakaramdam ako ng awa sa pader na walang habas nabinyagan dala ng kapusukan naming dalawa.

Si Tripp naman ang dapat sisihin dahil siya ang nagsimula. Hindi ko na kasalanan kung sumunod ako sa daloy dahil wala naman akong self-control. Kaya nga lahat ng pangako ko sa sarili, nababali.

Imbes na iniawasan ko na si Tripp, narito’t bumabalik at bumabalik pa rin ako. Parang normal na kasi sa sistema ko iyon. Kinikilala nito si Tripp bilang kanya. Kaya kahit ayaw ko, nagpupumilit pa rin ako dahil gusto ko. Oo, malabo. Hindi ko rin maintindihan ang sarili ko.

Loving him could get very complicated.

“Tripp France!”

I pulled away from my reverie when I heard Cha’s voice.

Sumulyap siya sa akin at ngumisi. Tumango ako at mabilis na umiwas ng tingin. Pakiramdam ko kahit wala siya roon kanina ay alam niya pa ring may ginawa kaming dalawa.

“Charisse,” Tripp said and nodded at her to acknowledge her presence.

“Enjoying the party so far?” Tumawa ang kaibigan ko at saglit na sumulyap sa akin. “O mas nag-e-enjoy ka kay *Miss Universe* ng buhay mo?”

Halos mag-palpitata ang kilay ko para lang pigilan ang

sarili kong sapakin itong si Cha. Kailangan niya pa bang sabihin iyon?

Uminit ang mga pisngi ko nang marinig ko ang pagtikhim at pagbuntong-hininga ng mga nakarinig. Hindi ko alam kung bakit minsan parang armalite ang bibig ng kaibigan ko.

“We’re actually leaving,” malamig na sagot ni Tripp.

“Oh?” Cha raised an eyebrow. “Go lang! Basta sa amin si Mims next week, okay?” segunda nito.

Humigpit ang pagkakahawak ni Tripp sa kamay ko, senyales na naiirita na siya.

“Sige, Cha. Aalis na kami. Welcome back ulit.” Ngumiti ako.

She grinned knowingly. “Alright!”

Agad akong hinila ni Tripp palabas ng bahay nina Sari. Dinala niya ako sa isang gilid kung saan naka-park ang kanyang kotse.

“Tripp?”

Hinawakan niya ako sa magkabilang beywang.

Naguguluhang tumingin ako sa kanya.

“Do you love me?” he asked grimly.

Hindi ako sumagot.

Humalakhak siya nang mapansin ang matagal kong pananahimik. “Of course, you do!” mayabang niyang sambit.

Napairap naman ako.

“Don’t do that,” he muttered hoarsely.

“Do what?” I replied, biting my lip.

Agad akong napapikit nang muli niyang atakihin ang mga labi ko. Gumanti agad ako ng halik. May naramdaman na akong kung anong nabubuhay sa lower part niya.

He bit my lip and I moaned in response. Sinamantala

niya iyon para ipasok ang kanyang dila sa akin. I was able to taste him. Pinaghalong alak, mint, at sigarilyo. Hindi ko napansing nakapasok na pala sa loob ng blouse ko ang kanyang isang palad.

Ladies and gentlemen, si Tripp Winston Rae France nga pala.

“W-what the f-fudge?”

Napatalon ako nang may marinig na magsalita kung saan. Agad akong inilagay ni Tripp sa kanyang likod para protektahan.

Mula sa isang sulok ay lumabas si Jee, gulong-gulo ang buhok, kalat ang makeup, at lasing na lasing. She’s a total mess. Paano siya nakarating dito?

“Nagsuka ako sa banyo, naroon kayo. Nagsuka ako rito sa labas, narito na naman kayo. Iyong totoo? Sinusundan n’yo ba ako?” wala sa sariling asik niya bago bumalik sa loob ng bahay.

Napaawang ang bibig ko. What the hell did just happen?



2



Makabibinging katahimikan ang bumalot sa aming dalawa sa pag-alis ni Jee. Minsan gusto kong pag-isipan nang maigi kung tama pa ba itong ginagawa kong pananatili sa piling ni Tripp. Pero lagi naman siyang nariyan para guluhin ang mundo ko. Hindi ako makapag-isip nang maayos kapag nariyan siya dahil may ibang nangyayari.

Napapikit ako nang mariin.

Minsan, ang mali at ang gusto mong bagay ay iisa. Iyon ang lagi kong iniisip sa relasyon namin ni Tripp noon pa man.

I was just an eighteen-year-old college student. He's twenty-eight. Sabihin man nating age doesn't matter, subalit iyon nga mismo ay isang problema kung bakit hindi namin makuha ni Tripp na magkasundo sa mga bagay-bagay. Pinaglalayo kami ng age gap sa isa't isa. The way we thought things through was different. At madalas kaming magtalo dahil doon.

At sa huli, ako ang magpapakumbaba at hihingi ng tawad na agad niya namang pauunlakan sa pamamagitan ng kanyang paniniwala sa make-up sex.

Of course, he's my first.

Nang malaman niya iyon ay mas lalo pa siyang naging possessive sa akin. Sino ang hindi masasakal? Eventually, his possessiveness led him into entertaining wrongful doubts. Lahat ng lakad ko ay pinagdududahan niya. Kahit

hindi niya sabihin ay alam kong pinasusundan niya ako sa mga alagad niya.

Doon na ako nagsimulang komprontahin siya. Wala ba siyang tiwala sa akin at kinailangan pa niya akong pamanmanan?

Nagalit si Tripp sa akin noong kinausap ko siya tungkol doon. Oo, siya pa ang nagalit! May itinatago ba raw ako sa kanya at iritang-irita ako sa mga bantay niya sa akin. Hindi naman ako naiirita, hindi lang talaga ako komportable. I had always valued discretion and privacy. At hindi niya matanggap ang bawat paliwanag at hinaing ko sa kanya.

At the end of the day, ang kagustuhan niya pa rin ang nasunod.

Nag-umpisa ko nang kwestyunin ang sarili ko kung minahal niya ba talaga ako o hindi. Because judging by his past actions, I didn't think so. Pero lagi niya namang ipinapaalala sa akin kung gaano niya ako kamahal at ayaw niya akong mawala sa kanya.

Then again, I just found myself succumbing to his words.

No, hindi niya naman ako sinasaktan physically. Never niya akong pinagbuhatan ng kamay. Hanggang sigaw lang siya dahil iyon ang paraan niya para ilabas at ipakita ang kanyang frustrations. Pinilit ko naman siyang intindihin. Kaso wala talaga. Naramdaman ko na lang na unti-unti nang nawawala iyong fondness ko sa kanya. Na kaya ko naman palang mabuhay mag-isa kung wala siya.

Naisip ko rin kung minahal ko nga ba siya o paghanga lang talaga ang isinisigaw ng damdamin ko.

Pero alam ko sa sarili kong minahal ko siya. Aabot ba kami ng dalawang taon kung pawang kalokohan lamang ang lahat ng ito?

I bet we won't.

Yes, I was fifteen when I met him.

Noong una nga ay natakot ako nang mapag-alaman kong he's ten years my senior. Dahil kung titingnan mo siya physically, hindi naman halatang ganoon na ang edad niya. Makisig, gwapo, matalino, at mayaman. Kung tutuusin, hindi mo na iisipin ang edad kapag nangyari iyon.

Niligawan niya ako for almost a year. But unlike your typical rich man, hindi siya iyong tipong dadalhin ka sa mamahaling restaurant, bibigyan ng magagarbong regalo, at dadalhan ng iba't ibang matitingkad na flowers araw-araw.

Tripp had a really France way of showing how much he loves me, I'm telling you. Pumupunta kami lagi sa condo niya at ipinagluluto ako. He's actually a good cook. Kung ano ang gusto ko, kahit mahirap at matrabahong lutuin, pumapayag siya na parang sisiw lang ang mga hinihiling ko. Pagkatapos naming kumain ay didiretso kami sa kwarto niya para manood ng kung anu-anong movies. At kapag inantok na ako, maggigitara siya at kakantahan ako.

Yes, the talented beast is really talented. I couldn't ask for more. Alam ko na sa sandaling iyon ay nahulog na talaga ako nang tuluyan sa kanya. Sinagot ko siya sa mismong birthday ko, June 16. I also turned sixteen that day.

He was ecstatic back then. Hindi ko naman akalaing ganoon na lamang ang kanyang tuwa sa isang simpleng 'oo.' Naikwento ko na rin sa kanya na may mga naging ex-boyfriends na rin ako kaya nang gabing may mangyari sa amin ay halos hindi ko mawari ang naging reaksiyon niya. To say he was shocked was an understatement.

Magmula noon ay mas naging protective pa siya sa akin. Kinikilala niya ang bawat lalaking kumakausap sa akin sa

Bellevue. Sinasabi ko namang mga kagrupo ko lang ang mga iyon sa mga reports. Tumatahimik na lang siya pero alam kong bothered pa rin siya.

Kaya nga hindi ko maisip kung ano ba ang nasabi o nagawa ko para magkaganito siya sa akin. Para siyang takot na takot na mawala ako sa kanya. So, he always made sure his grip on me was tight enough for me to not slip away.

I had no idea that I was dating the *France Corporation's* CEO. I didn't know a lot of things about him. Partly, alam kong may kasalanan din ako kung bakit nauwi sa ganito ang aming relasyon. I was too young to be involved in his life... to be in his life. Masyado kaming naging mabilis kaya ang mga simpleng bagay ay kinalimutan na namin.

Isinantabi namin ang pagdadahan-dahan kaya ganoon na lamang ang pagbulusok ng sunud-sunod naming mga pagkakamali.

My chest tightened. And the *Worst Girlfriend Award* goes to me. Marami nga rin talaga siguro akong pagkukulang kay Tripp.

I was a kid. Still a kid. Walang kamuwang-muwang sa mundong pinapasok ko.

Bumuntong-hininga ako. "Tripp."

Tumingin lamang siya sa akin at hindi nagsalita. He's probably waiting for me to go on.

"What happened to us?" I asked. "Why didn't you tell me? Alam kong marami akong hindi nagawa para sa 'yo pero bakit hindi ka nagsalita?"

Halos mabaliw na ako sa pag-iisip. I just wanted this thing between us to end.

He offered me a half-smile. "Because I love you."

Nag-init ang sulok ng mga mata ko. "Kaya ba noong mga panahong nagkulang ako sa 'yo, naghanap ka ng ibang

babae para mapunan iyon? Ganoon ba?”

Agad namutla ang kaharap ko.

“Tapos sa akin ang punta ng sisi, hindi ba? Fine! Blame me! Blame me for being the insensitive girlfriend who couldn’t tend to her boyfriend’s needs. Am I lacking? At which department?” Puno ng hinanakit ang boses ko.

Nakita ko ang pamumula ng mga mata niya. Umiwas siya ng tingin.

Tumangu-tango ako. “So I’m really that insensitive. Mahirap ba akong i-handle?”

Napalunok siya at hindi nagsalita.

“Nasusuklian ko ba ang mga effort mo?” I added, my lips quivering.

Our gazes locked.

“Stop that,” he whispered, searching for my eyes. He looked very pale—afraid, but a little hopeful.

“Hindi ako magaling sa kama, tama?” This time, ako naman ang umiwas ng tingin.

Tripp inhaled sharply, his eyes widening. “Mims!”

“See? Marami akong pagkukulang,” I stated, trying to sound nonchalant.

“Hindi ko gusto ang ipinaparating mo!” Tripp replied lowly. “Saan pupunta ang usapang ito?”

Hindi ko pinansin ang kanyang sinabi. “Na sa ’yo na ang lahat ng dahilan para iwan ako.”

“Mims! Shut it!”

“Do it,” I spoke softly, a fresh batch of tears sprang from my eyes.

“No!”

“Do it, Tripp. You know you want this. Hindi mo lang masabi gaya ng hindi mo pag-imik sa mga pagkukulang ko. But do it, baby, break up with me,” I croaked, my hands

clenching so tightly together.

This time, I would be the one to sacrifice.



3



“**A**ng tanga mo, Mims!”
Hindi ko alam kung pang-ilang beses na
iyong paulit-ulit na sinabi ni Sari.

“Salamat,” maikli kong sagot.

“Ba’t mo naman sinabi iyon? You provoked him!”
Hysterical si Jee. “Kung alam ko lang na huling beses na
tukaan n’yo na pala iyong kagabi, hindi ko na sana kayo
inistorbo!”

Hindi ko alam kung bakit mas affected pa sila kaysa sa
akin. Kalmado nga lang ako. Kailangan ko kasing kumalma
para makapag-isip nang matino.

Tama ba iyong ginawa ko kagabi? Hindi kaya nadala
lang ako ng espiritu ng alak?

Napailing ako. Alam kong kahit hindi ako nakainom
ay iyon at iyon pa rin ang magiging desisyon ko.

It couldn’t be undone now.

Mula sa kusina ay lumitaw sina Charisse, Bella, at
Carmi na may hawak na tray ng mga pagkain. Narito kami
sa pad ni Jee dahil birthday ng kanyang chihuahua na si
LeBron. Tatlong taong gulang na ito pero maliit pa rin. Iba
talaga kapag hindi aspin.

“Oo nga! Pakawalan daw ba ang isang CEO? Kung
hindi ka rin naman isa’t kalahating gaga, ano?” pangaral ni
Cha.

Umirap ako. “Mukhang pera ka kasi,” sagot ko.

Pinandilatan ako nina Jee, samantalang pinagtaasan
naman ako ng kilay ni Cha.

I shrugged. “Compliment kasi iyon,” mabilis kong depensa.

Napabuntong-hininga sila.

“Akala ko insulto,” bulong ni Carmi.

“Akala ko rin,” bulong ni Bella pabalik.

“Nagbulungan pa kayo! Halos dinig na rin naman kayo sa kabilang kanto!” I scoffed exasperatedly.

Sari chuckled. “Oh, easy.” Tumayo siya at lumapit sa table para dumampot ng California Maki. “Epekto ba iyan ng pagiging brokenhearted?” Kinindatan niya ako.

“I’m not brokenhearted!” I replied instantly. “We both love each other, but he needs to learn to trust me, and I need to mature or grow up or whatever you call it!” I sighed wearily.

Pumalakpak si Jee. “Naks! English spokening dollar talaga ang peg kapag brokenhearted? Hanep, iba rin!”

Nagsitawanan sila.

Buti pa ang mga ito, walang pinoproblema sa pag-ibig. Siguro nga ay nasa maling panahon ang pagmamahalan namin ni Tripp. We both needed time. At kung dumating man ang araw na maging maayos na ang lahat, tatanggapin ko ang magiging desisyon niya. Magkabalikan man kami o hindi, I would accept his answer, and would not be bitter.

Tumunog ang doorbell.

Nagkatinginan kaming lahat. Nagkibit-balikat ako dahil wala naman akong inaasahang bisita. Wala rin akong inimbitang iba dahil si LeBron ang may birthday. Siya ang dapat mag-imbita. Bukod pa roon, hindi ko bahay ito.

Pupungas-pungas na tumayo si Jee at binuksan ang pinto.

Tumingin ako sa aking mga kaibigan at ang pagiging balisa ni Sari ang unang napansin ko.

Mayamaya pa, bumalik na si Jee na may kasamang limang lalaki. Namilog ang mga mata ko nang makilala ang isa sa mga iyon.

Si Rui Montero.

Nalaglag ang mga panga ng mga kasama ko. Uminit ang mga pisngi ko nang mapagtanto ang kanilang lantarang paglalaway. Tumikhim si Jee at doon na nakabawi ang lahat.

“Girls, meet my cousins.” Isa-isang ipinakilala ni Jee ang mga lalaki.

Hindi nakaligtas sa aking paningin ang hindi mapakaling si Sari na para bang hindi komportable sa nakikita. Naabutan ko siyang panay ang nakaw ng sulyp sa lalaking naka-V-neck shirt na puti.

Sa pagkatatanda ko, Trinidad ang pangalan nito. Napag-alaman kong Harris ang pangalan ng lalaking naka-pink t-shirt na bumagay naman sa skin complexion nito. Mas nagmukha itong manly. Neil naman ang pangalan ng naka-black fitted sando na halatang shino-show off ang kanyang katawan. Si Jordan ay nakasuot pa ng three-piece suit at mukhang nanggaling pa sa office. At syempre, si Rui na naka-black long sleeves shirt. Sikat ito sa mga kababaihan noong high school pa ako.

Nagulat ako nang malamang magpinsan pala sila ni Jee. Wala kasing nababanggit sa amin ang huli.

Aaminin kong isa siya sa mga lalaking pinagseselosan ni Tripp noon. Lagi ko kasi siyang kagrupo sa bawat reporting. Magkasunod kasi kami sa alphabetical list ng estudyante: Mamorno, Montero.

“Ayos, ano? Ang gwapo ng mga pinsan ko kaya bawal patulan. Iyong mga hindi ko naman kadugo, ang papangit. Bale, forever alone na talaga ang peg ko.” Tumawa

si Jee. “Wait lang, girls. I’ll just grab food for them.”

“Huwag dog food,” malamig na babala ni Jordan.

Tumawa si Jee. “Oo naman! Hindi porke ikaw ang nagregalo sa akin kay LeBron ay dog food na rin ang ipapakain ko sa ’yo.” Kumindat ito bago dumiretso sa kusina.

Kanya-kanyang umupo naman ang mga pinsan nito. Napansin ko ang manaka-nakang pagtingin sa akin ni Harris. Medyo naasiwa ako kaya kinausap ko ang lalaking tumabi sa akin—si Jordan.

“Hi,” bati ko.

Tumingin siya sa akin bago ngumisi. “Hey, you are?”

Tumindig ang mga balahibo ko sa boses niya—malalim at lalaking-lalaki. “Mims,” sagot ko. “Jordan, right?” Ngumiti ako.

Humalakhak ang lalaki. “Yes. Jordan Michael.”

Nalaglag ang aking panga. “Jordan Michael?”

He shrugged. “Michael is the last name,” he replied, flashing an amused grin.

“Oh?” Napakamot ako sa batok.

Tumingin ako sa paligid kung saan nakita kong kinakausap nina Carmi at Charisse si Rui na walang ibang ginawa kundi mang-snob. Nagtatawanan naman sa kabilang gilid sina Bella at Neil. Kumunot ang noo ko.

What about Sari and Trinidad? Where are they?

May narinig akong tumikhim.

Umangat ang tingin ko nang maaninag si Harris na nakatayo sa harap ko. Nilingon ko si Jordan na ngumisi lamang at nagkibit-balikat. Inangat niya ang kanyang kamay na may hawak na phone.

“I’ll just take this call,” paalam niya.

Tumango ako at hindi na nagsalita pa.

Umiwas ako ng tingin kay Harris at pinagtuunan ng pansin ang bagong manicure kong mga kuko. Dominant ang white at may violet heart sa gitna nito. Si Bella ang gumawa niyon dahil hilig niya ang kung anu-anong kolorete sa katawan.

“Hindi mo man lang ba ako papansinin?”

Nilingon ko si Harris na ngayon ay nakaupo sa bench na siya ring inuupuan ko. Nakapatong ang isang braso niya sa likod ko. Kung titingnan mula sa malayo ay para siyang nakaakbay sa akin.

“Uh? Hello?” I spat out.

Ngumiti siya. “Awkward ba?”

Uminit ang mga pisngi ko at mabilis na umiling.

Tumawa ang katabi ko at napailing din. “Harris Carbonell, by the way.”

Napakurap-kurap ako.

Tumaas ang kilay niya at medyo umangat ang sulok ng kanyang labi. “Harris at your service,” aniya saka nag-abot ng palad.

Marahan akong tumango. “Mims,” sambit ko at tinanggap ang kanyang kamay. Kung ano ang ikinahaba ng pagpapakilala niya ay siya namang ikinaiksi ng sa akin.

Nag-usap kami tungkol sa maraming bagay. Kadalasan, tinatanong niya iyong mga paborito ko. Naging magaan naman ang pagkukwentuhan naming dalawa. Ngayon pa lang ay masasabi kong magiging mabuting magkaibigan kami kung sakali. He’s kind of witty, too.

“Ano’ng tipo mo sa lalaki?”

Natigilan ako at nabura ang ngisi sa mga labi. Napapikit ako nang mariin at naalala si Tripp. He’s my kind of man. Mahirap nang baguhin iyon. At kung mangyari man ang aking kinatatakutan, siya pa rin ang magiging basehan ko

pagdating sa mga lalaki.

It's simply because he was my first in everything. Ang sistema ay sistema.

Napansin ni Harris ang pananahimik ko. Kumunot ang kanyang noo at agad na hinawakan ang aking pisngi. Napakislot ako sa ginawa niya.

“Are you okay?” he asked, sounding genuinely concerned.

Tumango ako at agad na tumayo. Panic crossed his features. “May problema ba?” natatarantang tanong niya.

I shook my head to dismiss myself. “Excuse me.”

Pumunta ako sa kusina at nakasalubong ko si Jee na may hawak na tray. Nagtataakang tumingin siya sa akin pero nginisihan ko lang ang kaibigan ko. She shrugged and walked away. Alam kong may balak siyang magtanong pero ipinagsawalang-bahala na lang.

Ang mga kaibigan ko ay iyong mga tipong isang kibot lang, alam na nilang may mali. They were not the typically mistaken or stereotyped Psychology students, but they are actually good at reading people. Alam kong kukulitin niya ako mamaya para magkwento. She won't quit bugging me until I cave in.

Napagdesisyunan kong pumunta sa comfort room. Napansin kong nakaawang ang pinto niyon. Akmang papasok na sana ako nang may marinig akong mistulang ungol mula sa loob. Natutop ko ang aking bibig. Walang ibang pumasok sa utak ko kundi ang tanong na: sino ang tao sa loob? May kawatang nakapasok sa bahay ni Jee? Delikado!

Kumuha ako ng bread knife sa kusina at dahan-dahang lumapit sa banyo. Mas lumakas na ang pag-ungol. Parang babaeng... nasasarapan?

Bumuntong-hininga ako at napagdesisyunang

bumilang ng tatlo.

Isa.

Dalawa.

Tat—

Kusang bumukas ang pinto at nanlaki ang mga mata ko sa nakita.

Trinidad was eating Sari's face.



4



“Sh*t!” mahinang bulong ni Trinidad habang inaayos ang dress ni Sari. Hindi man lang niya ako nilingon ulit matapos ko silang madatnan sa ganoong sitwasyon.

Laglag ang aking pangang nakatitig kay Sari na namumula ang pisngi at hindi makatingin sa akin.

Hindi man lang sila nag-abalang isara ang pinto habang inaayos nila ang lagay ng isa’t isa. Habang ako naman ay hindi na alam ang gagawin at napako na lang sa aking kinatatayuan.

“What’s going on here?” medyo delayed kong tanong. Late reaction na kung late reaction pero ngayon pa lang talaga nag-sink in sa akin ang nangyari.

Noong hindi ba mapakali si Sari kanina ay dahil ba sa presensya ni Trinidad? At noong nawala sila pareho ay narito sila sa CR ni Jee at abala sa pagtrabaho ng milagro? Magkakilala ba ang dalawang ito?

“Mims—”

Napalingon ako kina Jee, Bella, Carmi, at Charisse na pulos nakanganga. Nasa likod nila ang apat na lalaki at halatang inaantok sa mga kaganapan. Seriously? Babae lang ba ang dapat mag-panic o sadyang OA lang talaga kami?

“Hmm...”

Bumalik ang tingin ko kina Sari at Trinidad na nasa ganoong activity muli. Uminit ang mga pisngi ko at nanginginig na binitiwang ang bread knife. Hindi naman

ito ma-co-consider na sexual harassment dahil mukhang nag-e-enjoy si Sari. Right?

Tumikhim si Harris. “B’alik na tayo?”

Mabilis na sumang-ayon ang lahat. Ako na mismo ang nagsara ng pinto ng CR kung saan naroroon ang dalawa. Lumapit ako kina Jee at Harris na mukhang naghihintay sa akin.

“Grabe!” Tumili si Jee at pinaypayan ang sarili gamit ang kamay. “Live porn!” Tumawa ito. “Hindi na nahiya si Sari! Inside the CR with my cousin? Kailangan kong pabendisyonan ang banyo!”

Napailing na lang ako pero hindi nagsalita. Bakit pa nga ba ako iimik kung gawain din naman namin iyon ni Tripp dati?

Pakiramdam ko ay nag-init ang buo kong mukha. Ilang beses na nga kaming nahuli ni Jee at alam ko ang pakiramdam na mahuli kang ginagawa ang isang bagay na hindi mo gustong makita ng iba.

Sadyang hindi lang talaga marunong pumirmi ang mga kamay ni Tripp. Isa pa, gustung-gusto niyang abala ang kanyang mga labi sa mga gawain—mga gawaing kami lang ang nagkakaintindihan. Alam n’yo na iyon. Ayaw ko nang magsalita dahil baka maalala pa iyon ni Jee at ulanin na naman ako ng tukso.

My friend sighed. “Ngayon pa lang ay nami-miss ko na iyong momol session n’yo ni Papa Tripp.”

Nanlaki ang mga mata ko sa narinig. I knew it! “Jee!” saway ko.

She chuckled. “Bakit ba? Ako ngang audience na-miss iyon, ikaw pa kayang actress? You know?”

Namula ang mukha ko nang tumikhim si Harris.

Oh, my God! He’s freaking listening!

Mukhang natauhan naman si Jee at agad na ngumisi sa lalaki.

“Si Tripp ay boyfriend ni Mims—”

“Ex-boyfriend,” pagtatama ko.

“Whatever!” She rolled her eyes. “Basta! Number one fan ako ng love team nila, pero may mga bagay talagang nagtatapos sa isang iglap lang.” Ngumiwi si Jee.

Napa-facepalm na lang ako at na-realize na wala na rin naman akong kailangang isagot. Tandaan: Walang sikretong ligtas kay Jee.

Nakita ko mula sa aking peripheral vision ang simpleng pagtango ni Harris. I sighed inwardly.

Bumalik kami sa garden nang wala akong ibang iniisip kundi si Tripp. I was missing him so much it hurts. Kahit ilang beses ko pang sabihin at paniwalain ang sarili kong hindi, huwag muna, at wala akong pakialam; in the end, I knew I couldn't fool myself. Hindi mo malilinlang ang tunay mong nararamdaman.

“Announcement!” Pumalakpak si Jee para kunin ang atensyon namin. “Let's go party later?” nakangisi niyang sabi. “Grand opening kasi ng *H-Bar* near Makati so I really think we should give it a shot!” Humiyaw siyang mag-isa.

Napailing si Charisse sa inasal ng kaibigan namin.

“Bawal humindi!” Pinandilatan niya kami.

“Sanay na kami,” bored na sagot ni Bella.

“Ah, bejeezus!” Jee feigned a shock. “First time ninyong hindi umangal! What happened to my antisocial friends?” Umangat ang sulok ng labi niya.

“We're not antisocial.” Umirap ako. “You're just a party animal.”

Humalakhak ang iba habang napahawak naman si Jee sa sariling dibdib. “Ang sakit niyon, ah!”

Humalukip si Rui at tinitigang mabuti si Jee. “Truth hurts.”

Sumimangot ang huli.

Nagkaroon ng awkward moment bago nag-ayang mag-poker si Carmi. Sumang-ayon naman ang lahat maliban sa amin ni Rui. Hindi kasi ako marunong maglaro ng kahit anong sugal. Si Carmi ang madalas na laman ng casino sa aming magkakaibigan. Para sa akin ay pro na siya dahil hindi naman siya makapagpapatayo ng sarili niyang hotel kung bandwagoner lang siya.

Si Jee naman ang maituturing na party animal ng grupo kaya nga nakapagtata kang wala pa siyang boyfriend. Hindi ba madalas kapag suki ka sa party ay mayroon kang flings? Fubu? Hook ups? Boyfriends? Ngunit itong si Jee, maski isa, wala. Pero ang sabi niya, hindi niya priority ang mga lalaki sa ngayon dahil masaya daw maging single—malaya. She loves her freedom that much? Yes.

Si Charisse naman ay kagagaling lamang sa isang madugong heartbreak.

Si Carmi naman ay masyadong lulong sa pagsusugal. Hindi na nga ako magtataka kung makulong na lang ito isang araw. Isa pa, wala naman siyang nakukwento sa amin tungkol sa love life niya at mukhang hindi siya interesado. Kaya in-assume na lang naming mag-aasawa siya kapag papalitan niya na si Oprah Winfrey sa *Forbes* magazine.

Si Sari naman, sa aking pagkakaalam, ay may karelasyong nagngangalang ‘Nathaniel.’ Pero hindi pa namin ito na-meet ever. Hindi tuloy namin alam kung gawa-gawa lang iyon o totoo.

At napapaisip din ako kung may Nathaniel na, bakit may Trinidad pa? Is she cheating on her so-called boyfriend? Girl version lang ni Tripp ang peg! But I was

not going to ask her why. If she wanted to let us know, she would tell us.

Si Bella naman ay handang mag-entertain ng mga lalaki anytime and anywhere pero hanggang entertainment lang ang kanyang maio-offer. May fiancé na kasi siya ngayon na nasa US at may inaasikaso lang sa kumpanya nila roon.

You see, graduate na ang lahat ng mga kaibigan ko at ako na lang ang hindi. I'm the youngest among them. Nagtataka siguro kayo kung paano kami nagkakilala, but that's another story. Kung tutuusin ay kulang pa kami ng isa at hanapin n'yo ang inyong papel para ilista siya.

Rain ang pangalan niya at kasalukuyang kumekerengkeng sa lalaking nanggangalang 'Thunder.' May misyon pa siya kaya hindi pa namin makasama sa ngayon. No, she's not a secret agent. I don't know what kind of mission, though. I believe in her skills, and I know she can handle it.

Nagpaalam nang uuwi si Jordan dahil susunduin pa ang girlfriend at magbibihis na rin. Lahat naman ay sumang-ayong sasama sa party. Sino ba'ng makakahindi kay Jee? She's your nasty spoiled brat.

Umalis na ang ibang pinsan niya hanggang sa si Harris na lang ang naiwan. Carmi, Charisse, and Bella already left, too. Hindi ko alam kung nasaan na sina Sari at Trinidad pero malakas ang kutob kong kanina pa sila tumakas.

I sighed. Cheating is never an option. It's a choice. If you want out, then, tell your boyfriend. I'm saying this because I've been there.

When I first saw Tripp doing another girl in his condo, the pain I felt was something I couldn't put into words.

The second time happened in a bar. I guess it was supposed to be a quickie. Hindi na nga sila umabot sa CR

noong ginawa nila iyon ng babae niya. It was in a standing position where the girl's legs were wrapped around his waist. I thought they were just having a heavy make out session. But when I noticed how his hips moved and how the girl moaned in pleasure even though they were not kissing, I knew it.

The third time happened on my mother's death.

My chest tightened at the painful memory.

Pinapapunta ko siya noon sa hospital pero bago ko pa masabi ang dahilan ay humingi na siya ng tawad at sinabing marami siyang aasikasuhin. Iyon pala, iyong babae niya ang pagkakaabalahan niya. Pinuntahan ko siya sa kanyang condo around 10:00 pm noong mismong araw na iyon para sunduin siya at makausap nang personal. Tatal ay meron akong susi ng unit niya, hindi ko na siya aabalahin kung madadatnan ko siyang tulog na dahil sa pagod sa trabaho.

Iyon pala ay may lakas pa siya para maglabas-pasok sa butas ng babae niya. At sa kitchen pa!

That was it. I lost it. I broke down in the middle of their climax.

Masakit marinig na umungol ang mahal mo kasabay ng pag-ungol ng kaniig niya.

Noong unang beses ko siyang nahuli, wala akong lakas ng loob para awayin siya. Nanghihina rin ako noong mga oras na iyon. Noong pangalawang beses naman ay idinaan ko na lang sa iyak dahil alam kong marami na ang aking pagkukulang at pakiramdam ko ay nawalan na ako ng karapatan para sumbatan si Tripp. Hindi ko na siya napaglalaanan ng sapat na oras dahil sa sangkatutak na term papers at projects. Iyong huli ay hindi ko na kinaya dahil sa patong-patong na sakit na naramdaman ko.

“Mims?”

Napatalon ako sa gulat.

“Harris?” Kumunot ang noo ko.

“Hatid na kita.” Ngumiti siya.

I scrunched my eyebrows together.

“Huwag na,” I replied politely.

Nanlumo ang ekspresyon ng kaharap ko. “Bakit naman?”

Nagulat ako. “Nakakahiya—”

“Harris! Shut up and get out of my house!” sigaw ni Jee.

Bumuntong-hininga ako. Pero hindi natinag si Harris. Humarap siya sa akin. His eyes were void of any emotion. Kumalabog ang puso ko at ewan ko kung bakit. He just looked too serious for my liking.

“Why? Is it because of that f*cking son of a b*tch?” he snapped at me.

Namutla ako. Gusto ko mang ipagtanggol si Tripp ay hindi ko naman magawang makapagsalita. Bakit ba pakiramdam ko ay malaki ang galit nito kay Tripp?

He faked a laugh. “He was damn lucky to have you, yet he was too much of a bastard to push you away,” mariin niyang asik.

Nanikip ang dibdib ko hindi dahil masyadong masasakit ang binitiwang niyang mga salita sa taong mahal ko, kundi dahil alam ko sa sarili ko na ang lahat ng iyon ay totoo.

“Who would love a Tripp France anyway?” he asked sarcastically. Hindi ko mapangalanan ang emosyong nakikita ko sa kanyang mga mata. Nakakuyom at nanginginig ang kamao niya.

Pumikit siya nang mariin bago tumingin nang direktong sa mga mata ko. His eyes softened. “But you do,” he whispered, almost inaudible.

Naramdaman ko ang pangingilid ng luha sa aking mga

mata. I let out a sob. Not this again.

“Enough!” sigaw ni Jee. “Umalis ka na nga rito! Ano ba’ng pinagsasabi mo kay Mims?” Hinawakan ako sa braso ng kaibigan ko at inilayo kay Harris.

Mukhang natauhan naman ang huli at marahang humakbang palapit sa akin pero binato na siya ng pinsan niya ng hawak nitong Black Label bottle. Mabilis namang nakailag si Harris at umalingawngaw ang pagkabasag ng bote.

“OUT!” sigaw ni Jee.

Muli akong tinapunan ng tingin ni Harris bago umiling at umalis.

Hinigit ako ng kaibigan ko at iniharap sa kanya. “You’re not okay,” she stated.

And I poured my heart out.



5



*M*asa tapat ako ng salamin. Muli kong pinasadahan ng tingin ang aking kabuuan. Nagsuot ako ng violet fitted dress na two inches above the knee ang haba at pinaresan ito ng black pumps. I turned my hair into a messy bun and wore light makeup. Nag-lip balm na lamang ako para hindi magmukhang nang-aakit. Overall, I looked okay.

Napatitig ako sa silver necklace na suot ko ngayon. Ito ang unang mamahaling regalong ibinigay sa akin ni Tripp na natanggap ko noong first anniversary namin. May locket na may picture namin sa loob, a picture of us kissing.

Napapikit ako nang mariin at bumuntong-hininga.

Mahirap pala kapag sinanay mo ang sarili mong paikutin ang mundo sa iisang tao. Kasi kapag nawala siya, paano ka na lang? Paano mo haharapin ang bukas? Lagi kong sinasabing kaya ko dahil iniisip kong kaya ko. Pero simula noong mangyari iyong kagabi, halos hindi na ako makatulog. Every time I close my eyes, Tripp was all I see.

Dumating pa nga sa puntong gusto kong bawiin ang sinabi ko pero huli na ang lahat. He made his decision clear.

"Iyan ba talaga ang gusto mo?" malamig niyang sinabi.

Mabilis ang tibok ng puso ko. I know this is now or never. Tumango ako at doon ko lamang napansin ang kanyang katawan. He was shaking incredibly.

I wiped my tears immediately. Ayaw kong makita niya akong nagkakaganito. Mahal ko siya pero sapat na ang iniluha kong balde para sa kanya. I got tired, too. Pero hindi ibig

sabihin niyon ay hindi ko na siya mahal.

Nanlamig ako nang magtagpo ang aming mga mata. His eyes showed me how hurt he was. Namumula ang kanyang mga mata at hindi man lang siya nag-abalang pahirin ang namumuong luha roon.

Maraban siyang tumango. Ilang sandali pang katahimikan ang namayani sa amin. He was crying. My baby was crying right before me. The man who is known to be cruel in the business world was crying just because of me. Just because of a young girl.

Kinagat niya ang labi. "If that's what you want."

I knew for a moment that I'd lose him. I already did.

Pero mas masakit pa rin pala kung marinig mo sa kanya iyon mismo.

"We're over. I'm breaking up with you."

Naglakad siya papasok sa kanyang Audi at mabilis na pinaandar iyon. Hinatid ko ng tingin ang kanyang kotse hanggang sa siya'y tuluyang makalayo.

I let a tear fall. And another. And another. Until I cried no more. And I realized that I was no longer me anymore.

That's the thing about love. You have to be selfless. I gave my everything to him and nothing was left with me. Because in the process of saving my relationship with him, I was already losing myself. And I didn't care before. Because it was all for him. All for his happiness. Yet, I wasn't enough for him.

Normal lang naman sana ang ganitong klaseng problema sa isang relationship. Pero nagpabaya kami. Wala ni isa sa amin ang may ideya na hahantong ang lahat sa ganito.

Hindi ako nakatulog kagabi. How could I? Tuwing pumipikit ako, nakikita ko kung paano umiyak si Tripp sa

harap ko. Kung papaano niya binuksan ang sarili niya para sa akin.

Napaisip ako. Ganito rin kaya ang nararamdaman niya? Hindi rin ba siya makatulog? Nagsisisi rin ba siya sa nangyari sa aming dalawa gaya ng pagsisisi at panghihinayang ko? Mahal niya pa rin ba ako tulad ng pagmamahal ko sa kanya at walang nagbago?

Malamang may nagbago. Maraming nagbago.

For the last time, I sent him as text message.

I love you, Tripp. I still do. But I'm hurt. We're hurt. We both need time to mend our hearts. If you ever get over me, which is very likely to happen, just tell me and I'll be happy for you. I'll wait for you until you're ready to give us a chance again.

A chance in which he wouldn't do the same mistake. A chance in which I could look at his face with no more pain in my eyes.

He didn't reply. I waited and waited, but no text messages from him came.

He's hurt. I thought.

Nagising ako sa pagkakaidlip at agad na hinalungkat ang phone ko. Na-excite akong buksan ang new messages but to my disappointment, they weren't from Tripp.

Jee: *Leb's 3rd birthday. My pad. 3 PM.*

Sari: *I saw you last night. Tripp's car left and you were there just staring at the vanity.*

Marco: *Can I take you out on a date?*

I didn't know that getting no messages from Tripp would hurt me so much. Nanikip ang dibdib ko at humagulgol ako. Nakakainis pa iyong si Marco. Napaka-wrong timing at lalo lang ipinamukha sa aking single ako at wala nang magagalit.

Napatalon ako nang tumunog ang aking phone. Lumapit ako sa kama at agad na sinagot ang tawag.

“Where are you?” singhal ni Carmi. “You’re half an hour late!”

Namilog ang aking mga mata at agad na napatingin sa wallclock. Sh*t! 8:35 pm na nga at 8:00 ang usapan! Magmamaneho pa ako!

“I’m coming,” nagmamadali kong sabi bago ibinaba ang tawag.

Lumabas agad ako ng unit at tinakbo ang elevator. Pinindot ko agad ang ‘G’ button.

Nagmaneho na ako papuntang *H-Bar* malapit sa *The Fort*. Mabuti na lang at hindi ganoon kalala ang traffic. Ipinark ko agad ang kotse.

Kung sa labas titingnan, mukha iyong classy. Malaki ito at sumisigaw ng karangyaan ang kabuuan. Napangisi ako. Hinding-hindi pumapalya ang taste ni Jee pagdating sa mga bar.

Pumasok ako sa loob at agad na sumalubong sa akin ang usok, amoy ng pabango ng iba’t ibang tao, alak, at sigarilyo.

Luminga-linga ako para hanapin ang pwesto nina Jee. Narito na raw silang lahat at ang kulang na lang ay ako. All I had to do was to look for a huge group of ladies and gentlemen. Marami rin daw nadagdag sa kanila dahil nagdala rin ng mga kaibigan ang mga pinsan ni Jee.

“Come on, where are you?” bulong ko sa sarili habang hinahanap ang grupo sa gitna ng dagat ng mga nagsasayaw.

Napagpasyahan kong i-text na lang sila. Kinuha ko ang phone sa pouch at nakitang may message. Binuksan ko iyon nang mapag-alamang galing kay Carmi.

Carmi: *Nasaan ka na? Hurwag ka na kayang tumuloy?*

Kumunot ang noo ko. Bakit naman? Don't tell me delikado sa daan dahil narito na ako.

Nilibot ko ang paningin ko at nanlaki ang aking mga mata nang maaninag si Charisse. She was dancing with a man.

Napailing ako. Sinundan ko ang tingin niya kung saan siya nag-thumbs up. At nakita ko mula roon sina Jee na naghiiyawan.

Naningkit ang mga mata ko at isa-isa silang tiningnan. Nakaakbay si Neil kay Bella.

Abala sa pagte-text si Carmi. Huhulaan ko, ka-text niya ang mga kalaro niya sa casino bukas. Nasa bar na nga, pagsusugal pa rin ang nasa utak. I shook my head in disbelief.

Si Jee naman ay sumasayaw habang nagte-ten seconds shot.

Si Sari ay nakikipaghalikan sa isang lalaki. Pinagmasdan ko ito sa mas magandang anggulo at napagtantong si Trinidad ang kanyang kahalikan. Ano ba iyan? Walang katapusan? Mula bahay ni Jee hanggang bar, nagkainan? Aba naman, mukhang medyo matindi ang kagutuman ng dalawa at nilamon na lang ang isa't isa!

Dumako ang tingin ko sa lalaking nakatalikod mula sa akin. His broad shoulders and posture reminded me of someone.

I felt a pang in my chest.

It was Tripp... and someone was giving him a lap dance.



6



“Mims!” I heard someone call me. But I didn’t budge. Nanatiling nakapako ang aking tingin kay Tripp. Nakita ko kung papaano nag-tense ang balikat niya. It seemed like his body went stiff. He was probably getting hard because of his dancer. Iyon lang iyon.

May kung anong pumiga sa puso ko. Agad akong napailing. Not again. At least, not now.

Bumaling ako kay Cha at sa grupong nakatitig sa akin ngayon na nag-aabang siguro ng posible kong reaksiyon. My girlfriends had thrown me a sympathetic look. I shrugged.

Oh, come on. Tonight is not the time for my heartbreak sh*t.

Bumuntong-hininga ako at lumapit sa kanila. Mga nasa beinte katao silang lahat. Kasama na sa bilang ang mga kaibigan ko. Nakaupo ang ibang lalaki habang may kaakbay na mga babae which I assume are their girlfriends. Meron ding mga lalaking mukhang single at abala lamang sa pag-iinom.

“Hey,” bati ko sa kanila.

Pumagitna si Jee at iminuwestra ako.

“Boys? Meet Jasper Mae Mamorno, the girl you’ve all been waiting for.”

Nanlaki ang mga mata ko sa ipinahayag ni Jee. Sinamaan ko siya ng tingin pero nagkibit-balikat lang ang kaibigan ko at ngumisi sa akin. Uminit ang mga pisngi ko sa aking inasal at agad na bumaling sa mga lalaki.

“Hello! Nice to meet you all,” nahiihiya kong bati.

Jee’s really a hopeless case. Hindi naman ako informed na karamihan sa magiging bisita ay kalalakihan. Tumango sila at binigyan ako ng matamis na ngiti.

Napabuntong-hininga ako at inirapan ang promotor ng lahat ng ito. Humalakhak lamang siya na para bang nagtagumpay sa isang misyon. Umiling na lang ako. She was probably drunk, but it’s way too early, knowing her alcohol tolerance.

Inilibot ko ang aking paningin sa kanila. Tumigil ito kina Sari at Trinidad na ngayon ay tinuldukan na ang paglalampungan. I sighed inwardly. Buti naman. Ngayon pa lang ay nakakaramdam na ako ng awa para sa Nathaniel na iyon. Mapa-tunay man o gawa-gawa, walang karapatan ang sinuman na lokohin ang isang tao, valid man o hindi ang dahilan.

Naningkit ang aking mga mata nang mapansing magka-holding hands ang dalawa. Hindi lingid sa kaalaman ko ang paraan ng pagtitig ni Trinidad kay Sari. He was staring at her adoringly—like she means the whole world to him.

Napagpasyahan kong lapitan sila pero bago ko pa magawa iyon ay sumalubong na sa akin ang nakangiting mukha ni Harris. Of course! He’s here, too.

“Mims!” bati niya at akmang aakbay.

Mabilis akong umiwas nang hindi ipinapahalata sa kanya iyon. Binigyan ko siya ng isang pilit na ngiti.

“Ikaw pala!” I acknowledged casually.

Napawi ang ngisi nito. “May problema ba?”

“Wala naman,” maikli kong sagot. “Paano mo naman nasabi?” Tumawa ako.

Naiilang ako sa kanya. Naiilang ako sa paraan ng pananalita at pagkilos niya. He was giving me a certain

look which I found very unnerving, and I didn't know why. Although he has been good to me, I already started feeling uncomfortable with him around. May kung ano sa akin na nagsasabing layuan ko siya at huwag agad magtitiwala.

"So... drinks?" He tilted his head to the side that made his dimples show up. Hindi ko alam na mayroon siya niyon.

Iling na sana ako pero may malamig na boses ang umalingawngaw mula sa likuran ko.

"Hindi siya iinom."

The way he said it, mariin at nagbabanta. Tumindig ang aking mga balahibo nang ma-realize kung kanino galing ang boses na iyon. I tried to ignore him but his mere presence yelled 'you will notice me whether you like it or not' and was too much to just ignore.

Dumilim ang aura ni Harris. Naguluhan naman ako. He was clenching his jaw. He looked like he was ready to pounce on someone. Nanginginig ang kamay nitong may hawak na shot glass.

Tiningnan ko si Tripp na ngayon ay nakangisi sa badtrip na si Harris. What's the matter between the two?

Anyway, hindi ko alam kung bakit narito ang ex ko at kung ano ang kanyang plano. But obviously, it was pissing the other guy off.

I don't need a Tripp right now. I just want a break from all the pain he caused.

Lumapit ako kay Harris at tinapik ang balikat nito. "Hey? Ayos ka lang?" mahinahon kong tanong.

Bumaling siya sa akin. I noticed his features soften. Napabuntong-hininga naman ako roon at nagpasalamat.

He cupped my chin. "Yes. I'm okay now. All because of you."

Umiwas ako ng tingin dahil nakaramdam ako ng ilang

sa pagngiti niya. His gestures were all confusing, too. Pati na rin sa naging sagot niya. He didn't need to cup my chin. He didn't have to do it with Tripp around. But of course, I wouldn't say it aloud.

Now that Tripp is not mine anymore. Now that he doesn't give a sh*t about whatever I do.

Lumapit si Jee sa amin at kinakabahang pinaglayo kami ni Harris sa isa't isa. Sinundan ko ang kanyang mga mata.

"Bakit?" I asked, weirded out.

She smiled nervously and shook her head. Kumunot lalo ang noo ko.

"Let's dance," mahina niyang aya.

"Okay."

She was really acting weird. Hinatak niya ako papuntang dance floor pero may humatak sa akin pabalik. Kumalabog ang puso ko. The touch was very familiar.

Mabilis akong binitawan ni Jee at dumiretso siya sa gitna. Nagsimula na siyang sumayaw doon at napailing na lang ako. Kayang iwan ni Jee ang lahat para sa pagsasayaw.

Nangatog ang mga binti ko nang may maramdamang paglapat ng labi sa aking balikat. Sh*t!

I pulled away from him but it only made his grip on me tighten. Namilog ang mga mata ko nang hawiin ni Tripp ang buhok na tumabing sa aking mukha. He leaned in and placed a kiss on my forehead.

Nanginig ang mga labi ko sa pagpipigil ng emosyon. I might give in, I knew.

BUT NO!

Pumikit ako nang mariin at nagbilang para pakalmahin ang aking sistema.

"I missed you... so much." His voice was low and raspy. Hindi ako nagsalita. Of course, I missed him, too. But

I'm too afraid my voice will betray me. Masyado akong nadala sa nangyari kaya hindi ko napansing nasa gitna na rin kami ng dance floor.

Tripp's arms were wrapped around my waist protectively. Mahigpit ang pagkakapirmi nito roon na para bang mawawala ako anytime. Nanatili akong nakayuko at kung hindi man, ay nakatingin ako sa iba. Anywhere but him. Suddenly, I just found my arms around his neck.

"Baby, say something..."

His breathing fanned my cheek. Amoy-alak at sigarilyo na naman ang isang ito.

But still... I love his scent.

"Baby..."

He caressed my cheek and made me look up at him. He's towering over me because I'm one petite of a girl. His eyes were swirling of different emotions. But what I first saw was... longing.

But an image snapped me out of it. Para akong binuhusan ng malamig na tubig. Tinanggal ko ang pagkakakapit sa kanya. Sinubukan kong alisin ang kanyang mga kamay sa aking baywang pero nanatili lamang ito roon.

He pulled me unbelievably closer to him. My head slammed against his chest as I listened to his heart fast beating. His tensed muscles made me realize he was panicking.

"Why? What happened?" he asked in a pained voice.

Umiling ako at nagpumiglas pa ulit. And I think that made him angrier. His eyes darkened upon mine.

"Hands off, please?" I croaked. This was me completely, utterly begging the same man all over again.

"Hands off?" May bahid ng iritasyon ang kanyang tono. "Bakit? Dahil ba sa lalaking iyon?" mariin niyang tanong.

Napasinghap ako at nahigit ang hininga. Humigpit ang kanyang palad sa aking baywang at ang isa naman ay hinahagod nang marahan ang likod ko.

He was trying to calm me. He liked it. He used to do it whenever I whined before.

I stared at him blankly. "I don't know what you're talking about, but as far as I know, we are no longer together," I managed to spit out.

"I've missed you..."

Suminghap ako bago umiling at itinuro ang babaeng nakasuot ng red fitted crop top at booty shorts na halos wala nang itago. "Just go back to your sexy dancer."



7



Mabilis akong tumalikod at lumapit kina Jee. Hindi ko alam kung sumunod ba si Tripp o hindi pero wala na akong pakialam. I shouldn't feel this. I shouldn't feel anything. Nagseselos ako kahit hindi dapat.

Nanikip ang dibdib ko nang manariwa ang eksena sa aking alaala. I felt like I was cheated on with emotions. Ang naramdaman ko sa pangangaliwa ni Tripp noon ay pareho sa nararamdaman ko ngayong sakit kahit wala na kami.

How could life be so cruel to me?

"Oh? Ano'ng nangyari sa inyo roon?" Mapupungay ang mga mata ni Cha habang pangisi-ngisi.

Sari chuckled. "Kinilig nga ako sa kanila, eh."

Inakbayan naman ni Trinidad si Sari at hinalikan ang buhok nito. Sari was wasted, too? She leaned into his chest and closed her eyes gently, as if to savor the moment.

Napatalon ako nang may biglang umakbay sa akin at humalakhak. Nilingon ko si Harris na nakangisi sa akin habang mapupungay na ang mga mata. Lalo akong naasiwa kaya marahan kong pinalis ang kanyang braso mula sa aking balikat.

Pinanliitan ko siya ng mga mata. "You're drunk," I pointed out.

Umangat ang sulok ng kanyang labi. "I'm not." Itinaas pa niya ang dalawa niyang kamay saka ngumisi.

Umiling ako at napangiti na rin. Forced. "You're funny."

Napailing ako. "Though sometimes you get creepy."

Natauhan siya at namula ang pisngi. "Does that bother you?" Napalunok siya.

Nanlaki ang mga mata ko. "No! Errr..." Lumiit ang boses ko. "Sometimes." I bit my lip for being so straightforward tonight, and I haven't grabbed a drink yet!

Tumawa si Harris at kinurot ang pisngi ko. Napangiwi naman ako at tumawa na lang din.

So, my theory's correct. He is half-funny and half-creepy. I wonder if he's aware of that.

Ayos naman sana siya, eh. Masayang kausap at kasama. Ideal friend kumbaga. Pero minsan, may kung ano sa mga kilos niya ang nakapagpapakaba sa akin. He is sometimes weird.

"Harris?"

"Hmm?"

"I have a question." Mukhang nakuha ko ang buong atensyon niya sa sinabi ko. Nangingkit ang kanyang mga mata bago tumango.

Napakagat ako sa labi at tinantiya kung paano ko itatanong. "Do you know Tripp?" Kumunot ang noo ko nang makita ang mabilis na pag-iiba ng mood niya. "Personally?" I added hesitantly.

Doon na talaga ako nag-umpisang ma-bother. Nag-iiba ang kilos ni Harris kapag si Tripp ang pinag-uusapan. At napapansin kong dumidilim ang ekspresyon niya na para bang may naaalala tuwing nababanggit ang pangalan ng ex ko. Pakiramdam ko tuloy ay magkakilala sila.

Pero bakit mukhang galit si Harris kay Tripp? Hindi niya man iyon sabihin ay nararamdaman ko. I could sense it. Harris was giving off too much negative energy.

Bumalik ang tingin ko sa kanya na ngayon ay matalim

ang tingin sa akin.

I was taken aback. “Uh, if it’s something private—”

Humakbang siya palapit sa akin at doon na ako naalarma.

“Sa tingin ako ay may amats ka na talaga, Harris.” I laughed nervously.

Walang nakakapansin sa amin dahil nasa sulok kami nitong bahagi kung saan nakapwesto ang grupo namin. At isa pa, madilim dito at tanging disco lights lang ang nagsisilbing liwanag sa paligid.

Naipit ako sa isang sulok kasama siya. Kumabog ang dibdib ko sa naisip na mga posibleng mangyari. Mayroon talagang hindi magandang naidudulot ang espiritu ng alak sa katawan.

Nang lumapit pa siya ng isang hakbang ay doon na ako nagbanta. “Harris? This is not a good joke! Sisigaw ako!”

Napalunok ako nang ngumisi siya. Isa iyong makapanindig-balahibong ngisi. “What? Wala naman akong ginagawa!” he chuckled.

I was about to sigh when he leaned over to me and whispered in my ears. “Wala pa.”

Halos mawalan ng kulay ang buong mukha ko. “Harris? I swear—”

Naiwan sa ere ang aking sasabihin nang bigla niya akong siniil ng halik. I grimaced when I tasted Vodka from his lips. Itutulak ko na sana siya pero mabilis niyang hinuli ang aking mga kamay. He pinned me against the wall using his legs. I couldn’t even move because he’s too strong! Patuloy lang siya sa pagbibigay ng nakakadiring mga halik sa akin. Inilihis ko ang aking ulo at bumagsak ang kanyang mapangahas na mga labi sa leeg ko.

“TULONG!” halos mapaos na sigaw ko.

Mabilis niyang natutop ang bibig ko gamit ang kanyang mga labi. Sh*t, nandidiri na talaga ako! He cupped my face harshly para mahalikan ako nang mabuti.

Nangilid ang luha ko. I tried my best to kick him but it was nonsense!

Kinagat ko ang labi niya nang mariin.

He pulled away and hissed. Hinaplos niya ang kanyang mga labi. May dugo na roon. He kept his gaze on mine, his eyes unblinking as his orbs momentarily darkened.

“You like it hard.” His smirk grew wickedly.

I looked at him in disgust. “F*ck you!”

Tumaas ang mga balahibo ko nang humalakhak siya.

“Patience, Mims. I will.”

Nakatakip pa rin sa aking bibig ang kamay niya. Unti-unting lumapit ang kanyang mukha sa akin at wala akong ibang nagawa kundi pumikit.

Pumatak ang luha ko at nag-abang ng kanyang susunod na gagawin. *Right, Carmi! Hindi na dapat ako pumunta pa rito! Put*ng ina!*

Halos nakahinga ako nang maluwag nang maramdaman kong binitiwang niya ako. Dahan-dahan akong dumilat at sumalubong sa akin ang bugbog-saradong si Harris!

Nanlaki ang mga mata ko nang napagtantong si Tripp ay nasa taas nito at pinauulanan ito ng sunud-sunod na suntok. Duguan na si Harris at doon pa lamang napansin ng mga tao ang nangyayari. Maraming napasigaw at humingi ng saklolo. Inawat nina Rui si Tripp pero ayaw magpatinag ng huli.

“Bitiwan n’yo ako! Hindi ako titigil hangga’t hindi ko napapatay ang g*go na iyan!”

I felt a twist in my chest and my eyes started to water again.

Maraming nakapalibot sa eksena. May mga sumisigaw sa takot, may mga umaawat at may mga namamangha.

Dumating ang dalawang bouncer at agad na hinawakan ni Tripp. Nagpumiglas ang ex ko at sinuntok ang isang bouncer na kasukat ni Batista ng *WWE*.

“Enough.”

Dumagundong ang malamig na boses na iyon sa buong bar. Nakita ko ang bulto ng isang papalapit na lalaki. He’s one fine man based on his built. Sinenyasan nito ang mga bouncer. Mabilis na tumango ang dalawang bouncer at tinulungan ang walang malay na si Harris. Akmang bibigyan pa ni Tripp ng isang pahabol na suntok ang manyak, pero iyong lalaking bagong dating na mismo ang umawat sa kanya.

“Hindi mo ba aasikasuhin ang girlfriend mo?” malamig nitong sambit.

Nanigas si Tripp sa kinatatayuan bago lumingon sa akin. His eyes that were filled with rage turned into something I couldn’t fathom. It took one blink and then he was right in front of me.

Tiningnan niya ako mula ulo hanggang paa, sinusuri kung may mali ba sa akin. Sinubukan niyang humagilap ng sugat at kung ano pa ang maaaring tanda ng pananamantala ni Harris sa akin.

I let out a shaky breath.

Niyakap niya ako nang mahigpit at agad hinalikan sa ulo.

“What did he do to you?” Tripp whispered, his tone surprisingly calm.

That was when I sobbed and started crying helplessly against his rock-hard chest.

“I’m here, baby. I got you.” Hinagod niya ang likod ko

at sunud-sunod na hinalikan ang gilid ng aking ulo.

I choked. “He—”

“Shh, relax. I’m driving you home, Mims.”

Marahan akong tumango at kumalas sa yakap. Pinahid niya ang aking luha habang ako naman ay hindi makatingin sa kanya. I felt so dirty.

Hinubad niya ang suot niyang black leather jacket at ipinatong sa akin. Hindi na ako umalma dahil komportable naman ako pagdating sa kanya.

Hinapit niya ang baywang ko at naglakad na kami sa gitna ng dagat ng mga tao. Nanatili akong nakayuko habang naglalakad. I felt all eyes on me.

“Stop staring at my wife!” padabog na singhal ni Tripp.

Nakarinig ako ng maraming pagsinghap. Dumami ang bulungan at palayo nang palayo ang mga boses nila. Hindi ko pa rin makalimutan ang kabog ng dibdib ko nang banggitin niya ang salitang ‘wife.’

Nag-angat ako ng tingin sa lalaking humalakhak. Matalim na tingin ang iginawad sa kanya ni Tripp.

“I forbid you to see Joyce for a month,” mariing sinabi ng kasama ko at para bang nabilaukan kaya umubo-ubo ang lalaki.

Tumikhim ito at nanlaki ang mga mata. “I was just—”

“No,” malamig na sagot ni Tripp. “When it comes to my woman, I take no excuses from anyone.”

“But—”

“Deal with it, Eldwin. And stop stalking my sister.”

Umirap ang lalaki. “Tsss...”